PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
November 3, 2020 (12:05 P.M. – 1:28 P.M.)

SEC. ROQUE: Magandang tanghali, Pilipinas. Nagbabalik po tayo sa ating lungga dito sa Malacañang para sa ating regular press briefing matapos po tayong magkaroon ng Presidential Press Briefing sa operations sa headquarters po ng National Disaster Risk Reduction and Management Council sa Camp Aguinaldo.

Ayon sa report ng National Disaster Risk Reduction and Management Council, mayroong labimpitong tao na po ang namatay dahil sa Bagyong Rolly. Bagaman ang target natin ay zero casualty, nagpapasalamat pa rin po tayo sa lahat ng mga nasa pamahalaan na nagtrabaho kahit long weekend dahil sa Undas para maiwasan ang aberya at disgrasya dala ng panganib ng pinakamalakas na bagyo sa buong mundo ngayong taon.

Nakatutok ang ating Presidente sa mga nangyayari, at satisfied siya dahil sa kahandaan ng lahat ng nasa gobyerno at kooperasyon ng ating mga mamamayan.

Bago po tumama ang bagyo sa Pilipinas, mayroon nang stockpiles at standby funds ang DSWD na 884 million sa kanilang central at field offices kasama na ang mahigit 260,000 family food packs na naka-preposition sa iba't ibang lugar sa bansa.

As of November 3, 6 A.M., mahigit 6.6 million na assistance na po ang naipamigay ng DSWD. Mayroong 269,507 na katao sa 2,671 evacuation centers.

In-activate naman po ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas ang kanilang disaster task force noong a-trenta ng Oktubre na may 155 officers at 3,013 enlisted personnel ready for deployment. Sila ang tumulong sa evacuation ng mahigit 300,000 individuals sa 1,558 barangays noong tumama ang bagyo.

Sa hanay naman po ng ating kapulisan, as of November 3, umabot nang 5,804 ang na-deploy sa search and rescue personnel, at 1,556 PNP personnel naman ang nasa evacuation areas. Kaya naman napanatili ang kaayusan sa gitna ng hagupit ni Rolly. Maraming salamat po ating kapulisan at kasundaluhan.

Bago dumating si Rolly ay nakapag-mobilize na po ang DPWH ng 4,931 personnel at 1,295 equipment kaya naman mabilis nilang naisagawa ang road clearing operations. Mula labinlimang road sections na sarado kahapon, ngayon ay sampu na lamang po – isa sa Cordillera Region, isa sa Region III at walo po sa Region V.

Bago pa mag-landfall si Rolly ay pinaghandaan na po ito ng Civil Aviation Authority of the Philippines or CAAP - Manila International Airport Authority, Clark International Airport Authority. Sinecure ng ating mga paliparan ang kanilang mga gamit tulad ng power plant at runway equipment; nakapag-ugnayan sa mga lokal na disaster offices at in-active ang procedures

para sa typhoon disaster response. Kaya naman ngayon ay balik normal na ang operasyon ng ating mga paliparan sa Manila, Clark, Subic, Sangley, Legazpi, Naga at Virac. At tulad ng sinabi ko kahapon, balik-operasyon na po ang LRT, MRT, PNR at EDSA Busway. Sa briefing namin noong Linggo, una ninyong narinig na isinara ang mga ito.

Dito makikita natin ang kahandaan ng buong pamahalaan, at kahit nasa Davao ang Presidente ay namu-monitor niya ang mga ito. Kaya nga kahapon ay pinangunahan ni Presidente Rodrigo Roa Duterte ang isang situation briefing at Talk to the People Address kasama ang ilan sa mga miyembro ng kaniyang Gabinete tungkol sa Super Typhoon Rolly. Ngunit bago nito ay nagkaroon ng aerial inspection ang Pangulo ng mga lugar na sinalanta ng bagyo. Binisita rin ng Pangulo ang Guinobatan, Albay, isa sa matinding tinamaan ni Rolly, para alamin ang kalagayan ng mga residente doon.

Ito ang ilan sa mga salient points ng nasabing situation briefing at Talk to the People Address kagabi:

- Tiniyak ni DBM Secretary Wendel Avisado na mayroong 3.622 billion na calamity funds ang pamahalaan at ang ilan sa bahagi nito ay maaaring magamit para matulungan ang mga lubhang naapektuhan ng Super Bagyong Rolly.

- Inulat naman ni DENR Secretary Roy Cimatu na sinususpinde niya ang quarrying operations sa mga lugar sa paligid ng Bulkang Mayon. Ito ay matapos ang direktiba ng Presidente na magsagawa ng imbestigasyon sa quarrying operations sa mga nasabing lugar.

- Sinabi naman ni DOTr Secretary Arthur Tugade na nakumpleto ang konstruksyon ng Bicol International Airport bago matapos ang taon.

- Ayon naman kay DTI Secretary Ramon Lopez ay mayroong price freeze sa mga lugar na nadeklarang under a state of calamity. Sa mga lugar naman na walang price freeze ay mayroon tayong umiiral na suggested retail price.

- Binigyang awtoridad ni Presidente si National Task Force Against COVID-19 Chief Implementer Secretary Carlito Galvez na mamuno sa pagbili hanggang pamamahagi ng bakuna laban sa COVID-19.

Mamaya ay makakasama natin ang Chief Implementer at ang bagong Vaccine Czar, Secretary Galvez. Siya po iyong sinabi ko na ilang buwan na ang nakakalipas na natalaga na siyang Vaccine Czar kaya lang ayaw muna po niyang ulitin iyon hanggang hindi maanunsiyo uli ni Presidente. So inanunsiyo na po uli ni Presidente, siya na po talaga ang Vaccine Czar.

Ipinag-utos din ng Pangulo na magbigay ng cash aid sa mga manggagawa na naapektuhan ng pandemya bago mag-Pasko. Samantala, umalis naman kaninang alas-ocho ng umaga ang isang C-130 papuntang Catanduanes tulad ng ipinangako ko kay Governor Joseph Cua noong kami ay unang magkausap. Dala-dala po ng C-130 ang tubig, pagkain at iba pang mga pangangailangan ng Catanduanes. Nagpapasalamat po tayo sa LT Group of Companies dahil iyong mga nakita ninyong pictures ng Absolute ay ibinigay po ng LT Group of Companies.

Punta naman po tayo sa ating COVID-19 update. Ito po ang global update ayon sa Johns Hopkins. Higit 46 na milyon na o 46,857,505 ang tinamaan ng COVID-19 sa buong mundo. Mayroong 1,204,274 katao naman po ang binawian ng buhay dahil sa coronavirus.

Nangunguna pa rin po ang Estados Unidos na may 9.2 million na kaso ng COVID-19 at 231,000 deaths; pangalawa ang India na mayroong pinakamaraming kaso ng COVID-19, mayroon po silang 8.2 million ngayon and 122,000 deaths; pangatlo po ang Brazil, 5.5 million and 160,000 deaths; ang Russia po ay pang-apat, 1.6 million, 28,000 deaths; at panlima po ang France, 1.4 million, 37,000 deaths.

Dito po sa ating bayan, mayroon po tayong 29,301 active cases mula po sa kabuuang bilang ng kaso na 385,400. Ibig sabihin, ito po ay 7.6 ang porsiyento ng aktibong kaso sa kabuuang mga kaso. Ayon sa DOH, ang pagbaba ng national daily average ng COVID-19 sa bansa, bumaba ito ng 25% kumpara sa mga nagdaan na mga linggo.

Sa mga aktibong kaso, 82.5% ay mild; 9.6% ay asymptomatic; 5% ay kritikal; 2.8% ay severe. 348,830 naman po ang nai-report na gumaling. Ito ay 90.5% mula sa kabuuan bilang ng kaso ng COVID-19 sa bansa. Samantalang nasa 7,269 po ang binawian ng buhay dahil sa coronavirus - nakikiramay po kami.

Naka-flash naman po sa ating screen ang critical care capacity ng atin mga ospital: 57% pa po ang available sa ating ICU beds; 60% po ang available sa ating isolation beds; 66% po ang available sa ward beds at 79% naman po ang available sa ventilators. Hindi naman po ibig sabihin na palibhasa marami pa tayong kakayahan ay tayo po ay magpapabaya na. Ang pakiusap po ng Presidente, mask, hugas, iwas.

Dito po nagtatapos ang ating briefing. Bago ho tayo pumunta sa ating mga tanong, mayroon po tayong tatlong panauhin. Unahin na po natin ang ating itinalaga muli na vaccine czar, wala pong iba kung hindi si National Task Force chief implementer Secretary Carlito Galvez Jr.

Sir, na-interview po namin dito si Ambassador Sta. Romana at ang sabi niya anytime baka maaprubahan po ang isang bakuna ng FDA ng China. So, bilang natalaga pong vaccine czar ng ating Presidente, ano po ang hakbang na gagawin natin the moment po magkaroon na nga ng vaccine kung sa China o kung saan iba pang parte ng daigdig ang mauunang maaprubahan na COVID-19 vaccine? The floor is yours, Secretary Galvez.

SEC. GALVEZ: Unang-una po sa lahat ay ako po ay nagpapasalamat sa ating Presidente Rodrigo Roa Duterte sa kaniyang tiwala na ibinigay niya po na napakalaking responsibilidad. Sa totoo lang po, talagang I feel so nervous dahil alam ko po na napakalaki ng responsibilidad na inatang po sa aking balikat at I would like also to thank Executive Secretary Salvador Medialdea and other Cabinet members for the moral support.

If you allow me, Sir Spox, mayroon lang kaming preparations na mga presentation para maintindihan po natin ang ating preparation po ng Philippine National Vaccine roadmap. Ito pong Philippine National Vaccine roadmap, sa unang pag-uusap po namin ng mga eksperto at

saka po ng mga core group natin dito po sa vaccine ay talagang sinasabi po nila na talagang ito po ang talagang our road to normalcy and full economic recovery.

Noong mga nagdaang araw hanggang kahit po bumabagyo nagkaroon po kami ng mga meetings with ADB and also with World Bank at saka po nagkukonsulta po kami sa mga ibang mga different Vaccine Expert Panel at ito po, ang nakita po namin na ito po ay considerations in building our roadmap.

Unang-una po iyong safety or underlying health risk kung anong klaseng vaccine po ang kukunin po natin; pangalawa po iyong efficacy; and then iyong third iyong sensitivity. Ito po iyong tinatawag natin na iyong sensitivity ng isang vaccine considering that some of the vaccines needed iyong cold chain refrigeration; and then also kino-consider din po natin iyong cost at saka iyong supply chain requirements dahil napakakumplikado po ang pag-handle po ng mga vaccine; and then pang-lima po iyong access of clinical trials and local and regional production and distribution; and then last po iyong complexity ng implementation dhail kasi po kapag po dalawang dose po tayo parang magri-rigodon po tayo.

Kung titingnan po natin iyong pagkakaroon ng nationwide vaccination ay parang nagkaroon po tayo ng nationwide election. So, kung just in case nakita natin preparation na iyong election, dalawa nating gagawin after 21 days ay magkakaroon na po tayo kaagad ng another reelection. Meaning, napakakumplikado po ng preparation, iyong execution at implementation ng vaccination po.

At ito po ang major stages na initially ito po iyong naisulat natin na mga stages:

Stage one is iyong scientific evaluation and selection. Ito ang pinaka-most critical kasi kailangang-kailangan po talaga iyong decision point at mga option na puwede pong i-approve ng ating mahal na Presidente. Pangalawa po, iyong access and acquisition. Ito po iyong tinatawag na guarantee katulad ng nagbi-bet po tayo na tayo po ang magiging priority for access for certain class of vaccine. And then napakakumplikado rin po iyong procurement process, iyong production, shipment and storage and then iyong distribution and deployment and then iyong stage six, iyan iyong implementation on nationwide vaccination at all throughout the process, iyong stage seven, iyong assessment, evaluation and monitoring.

And then ang gagamitin po natin it will be in four phases. Nandoon iyong assessment phase, iyong planning phase, iyong preparation phase, at saka iyong execution phase. Kasi po kapag ang NTF i-implement po natin iyan, apat po na phases ang gagawin po natin.

And then ito po, parang magiging parang ano po natin for the last quarter of 2020, continuous po ang ating assessment and evaluation and monitoring and then kailangan po ang planning po natin ay continuous din pero we have to finish our plan within this week or next week. And then ang preparation po natin, may mga preparation na po tayong ginagawa and then our execution most likely a vaccine will be available by early next year. So, iyon po ang tinitingnan po natin.

Ito po, nagkaroon po kami ng kaunting notes at iyong ibang mga critical activities sa phases parang nag-push-pencil na po kami at ito po ay tinatawag nating mga critical activities during

assessment, during planning, preparation and execution. So, nandito po halos lahat at ito po ay ipre-present po natin sa mahal na Presidente for his approval and notation po.

And then iyong mga critical timeline dapat po this coming November, iyong roadmap natin this week should be completed and approved by the President. So we are planning to present it on Thursday and then iyong National Task Force COVID vaccination fully organized and then iyong Vaccine Panel of Experts also organized. Kasi sasamahan po natin dito iyong taga UP-NIH at saka iyong ibang mga professionals from the different private sector.

And then also iyong vaccine to be analyzed, selected and procured is already approved and then iyong clinical trial started and then also the bilateral, multilateral engagements are completed. Kasi mayroon pong sinabi si Presidente na aside from the COVAX, kailangan po magkaroon po tayo ng mga G-to-G (government to government) o bilateral arrangement with other government. And then sinasabi rin po ni Secretary of Finance Dominguez na we can explore also iyong multilateral at saka iyong involvement ng ating private sector.

So, itong November, December, kailangan iyong stage 1 and 2 are completed. And then January, by March, baka doon tayo mag-start or maybe earlier ang procurement process and also the different stages including the implementation plan should be completed.

So, ito po ang aming initial organizational roadmap wherein it is activity-based, meaning from stage 1 to stage 7 ang organization po natin ay nagbabago. At ang ating tinatawag na concentration ay kung saang stages tayo ngayon doon ang concentration ng ating mga tinatawag nating Vaccine Expert Panel and then also this will be led by the DOH, DOST and also the role of the FDA and the UP-NIH is very, very critical.

So, makikita po natin dito iyong sa latter part, sa distribution and deployment. Ang LGU po natin parang sa election, sila po ang imo-mobilize po natin dahil kasi sila po ang mage-e-execute together with our responsible office sa DOH at saka sa DOST.

Iyon lang po, Sir Spox at go back to you. Maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Secretary Galvez, ang ating itinalagang vaccine czar. It is a very well deserved appointment, sir. Kasama rin po natin ang Undersecretary ng Department of Energy, Usec. Felix William Fuentebella.

Sir, mabuti naman at kayo ay Bicolano rin. Kumusta na po ang pagbabalik ng elektrisidad diyan sa Bicolandia kasama na po ang Catanduanes. Usec. Fuentebella, the floor is yours.

USEC. FUENTEBELLA: Maraming salamat, Spox Harry. Sa ating pong mga kababayan, the Department of Energy and the Energy family kasama ang National Electrification Administration, NAPOCOR, NGCP, TRANSCO at iyong mga pribadong sektor, iyong mga electric cooperatives, we are proud to report that Region VIII composed of 13 teams with 22 vehicles are traveling tonight, they are going to Albay Electric Cooperative.

Mayroon po tayong tinatawag na Task Force KAPATID na in-organize ng National Electrification Administration at kanina po nag-briefing na sila. So, that's Region VIII going to Albay. The reason for Region VIII going to Albay is hindi pa masyadong maganda iyong biyahe from the north - Camarines Sur to Albay - so we are striking and sending a team from the south - Visayas - going to Albay, to the north at doon dadaan iyong team natin. Kailangan lang ng kaunting abiso siguro, we need advice and also assistance from the PNP pag-landing nila sa Matnog. They are traveling tonight.

Secondly, Region I composed of ten teams with vehicles also, are traveling towards CASURECO II, that's in Naga City, they are targeting to mobilize by Thursday or Wednesday, ongoing po ang briefing sa kanila. Region III naman, electric cooperatives composed of around ten teams with vehicles also are going to CASURECO IV - that's also in Camarines Sur. Region II is traveling to Marinduque, right now they are coordinating with PhilReca representatives, that's the association of electric cooperatives going to the island of Marinduque. Region VI is traveling to Mindoro, they are composed of teams also, magbibiyahe na po sila today.

The SOPs are: These electric cooperative teams from the different regions will have different vehicles, kaniya-kaniyang vehicle, so hindi sila magpapasalo sa pupuntahan electric cooperative and mayroon silang lutuan. So, that's what's happening.

Now, well, let's concentrate on Catanduanes. We may need the assistance of our other government partners. The LGU-Catanduanes and the Office of Civil Defense, because it appears that we are having a difficulty in contacting our counterparts in Catanduanes. So, the general manager of First Catanduanes Electric Cooperative and the officers and the other technical persons, we may need to have a more detailed discussion on what happened because we have an estimate of the damage in Catanduanes based on our conversation with Governor Buboy Cua of the provincial LGU of Catanduanes.

Kung 80-90% ang damage sa ating electric cooperatives, that would be tantamount to around 254 million, but we need to coordinate as regards the details on naka-preposition na mga gamit and ano iyong mga kailangan i-augment so that when we dispatch the team going to Catanduanes mas organized tayo. So that, Spox, we need to have a more detailed discussion and would discuss it with OCD and provincial LGU of Catanduanes.

Now, the good thing also is we have a coordination with the MMDA already for the teams that will pass through NCR going to the Southern Luzon area. We have three great stories na strategies na kinukumpleto natin by today ano.

Number one, Meralco by 12 noon is trying to complete iyong 100% restoration dito sa kanilang franchise area. So for Meralco, they already reported as of 6:00 AM today that only .02% ang natitira for energization and mostly nandito iyan sa Southern Luzon - that's Batangas, Cavite, Laguna, Rizal areas.

And to be detailed about it, ang ikukonekta na lang ng Meralco as of 6:00 AM that they are trying to finish by 12 noon today, Laguna 839 customers, Quezon 495 customers, Cavite 437 customers and Batangas 67 customers, a total of 1,88 customers or .027%.

The second story that—the second point that we are developing is if we can energize already a portion of Naga City by today. Why is that possible? We are developing the strategy because the line, transmission line from Tayabas, Quezon to Naga City line 2. One of the lines there of 250 kilovolts is already energized and to connect that further Naga City to Concepcion 69 KV line is also energized. So it's up to CASURECO 2 if they can already… in Naga City if they can already connect to the transmission lines para ma-energize natin iyong Naga City hopefully by today. But we are not rushing things, because we want to emphasize again the safety of our personnel; but nonetheless, that's already the developing strategy in energizing a portion of Naga City hopefully by today.

The third one is the strategy on how we can utilize the power plant in Bacon-Manito Geothermal to energize a portion of southern Albay and Sorsogon. So that is what we are working on, because we have a power plant in Bicol that can probably power or energize a portion of southern Albay and Sorsogon, 'no. Bacon-Manito, Bacon si Sorsogon and Manito is Albay. Nasa boundary iyong planta and that is what our technical people from ALECO, from SORECO I and II (Sorsogon Electric Cooperative I and II), Albay Electric Cooperative (APEC) and NGCP that's what we are working on.

As far as the fuel for Catanduanes is concerned, we have spoken to provincial LGU Governor Cua and there were also reports from media that there are portions in Catanduanes that do not have fuel. So what we are doing right now is we are coordinating because it may be an issue on access, baka hindi makatawid iyong mga delivery trucks from certain areas of Catanduanes - from the depot to the retail stations or damage to retail stations - that is the second point that we want to clarify with the provincial LGU of Catanduanes once we have a meeting if we can be included in the Department of Energy to talk to them again.

So, these are the matters that we are working on with the Energy family. As far as price freeze is concerned, it's covered—the price freeze covers a 15 day price freeze, hindi puwedeng magtaas pero puwedeng babaan iyong presyo for kerosene and household LPG only. So iyon po ang ine-implement natin good for 15 days from the declaration of a state of calamity ng authorized body, either Sanggunian, Governor, etcetera. So, from the declaration 15 days, kerosene and household LPG, hinding-hindi pupuwedeng magtaas ng presyo; so puwedeng bumaba. So, that's it, Spox Harry.

SEC. ROQUE: Kasama rin po natin ang LWUA Administrator Jeci Lapus. Sir, inatasan po kayo ng Presidente kagabi na gawin ang lahat para mabalik ang tubig lalung-lalo na sa Catanduanes, dahil isla po iyang Catanduanes 'no. Ano na pong hakbang nagawa natin para matulungan po ang Catanduanes at iba pang lugar na nasalanta ng Bagyong Rolly? Administrator Lapus, the floor is yours.

ADMINISTRATOR LAPUS: Good afternoon, Spox. Iyong initial assessment po namin ginawa po namin tungkol sa Bicol at saka iyong mga karatig probinsiya na apektado ng bagyo ano po. Nag-landfall ito sa Lobo, Batangas, dito po sa Bicol at sa Catanduanes.

Iyong Catanduanes po hanggang ngayon hindi namin ma-communicate sa mga tao kung ano talaga iyong mga damages nila. Iyong kanilang mga report ay pakunti-konti pero iyong

assessment nila is something like about 60 million para ma-rehabilitate. Actually po, iyong mga nasisira sa kanila ay iyong kanilang mga pumping stations, iyong kanilang transmission lines na kailangang i-check muna para ma-rehabilitate. Unlike po sa kuryente nakikita natin, above ground. Ito po eh, it's about one meter below ground. So kailangan ng masusing pag-aaral, magha-hydraulic test, malaman natin kung saan po iyong sira.

Ang iba pong mga nakikita natin na iyong Albay ay pangalawa. Although ang Albay po, puwedeng accessible; ang Catanduanes po talaga ay medyo mahirap. Nag gawa po kami ng team na pupunta sa Catanduanes as soon as time would permit para mare-assess namin iyong kanilang binigay na cost of rehabilitation para maibigay namin sa DBM, kay Secretary Mark Villar at saka sa NDRRMC.

Iyong mga tao po natin ay continuously coordinating with the various water districts na approximately 80 ang apektado from minimal to the worst which is Catanduanes.

Although ang second worst po ay iyong Tabaco City na 50% ng service area nila ay wala. So intermittent po, iyan din kasama sa Bacacay lahat. Iyon po kasing mga transmission lines, kapag nasira iyan eh sayang lang po iyong tubig, at saka we work with the electricity. So, kung si USec, hindi magbigay ng kuryente, hindi po aandar iyong mga pumps natin. Iyong iba po walang mga generators. So nagri-request sila prospectively na magkaroon sila sana ng mga generators, Mr. Secretary.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Administrator Lapus. Ano ba hong mga hakbang na puwede nating gawin, dahil kung wala pong kuryente, puwede namang mabuhay ang mga taga-Catanduanes, pero kung wala pong tubig mahirap po iyan 'no. Mayroon ba ho tayong mga emergency steps na pupuwedeng gawin, para maibsan po iyong kakulangan ng tubig sa Catanduanes?

ADMINISTRATOR LAPUS: Ang ano lang po ngayon, kailangan iyon pong ating mga deep wells—kasi po puro deep wells po iyan sa Catanduanes. Ang surface water po natin, natutuyuan. Ang deep well naman po natin ay may problema po tayo sa water quality – may kulay po at saka may konting amoy.

So, iyong mga deep wells po natin, may mga chlorinations po iyan na puwedeng gamitin so kailangan lang po, siguro, kailangan ay pakuluan iyong ating tubig kung manggagaling po iyan sa ating mga faucet; hindi po iyan puwede na inumin. May mga mineral water naman tayong pupuwedeng inumin pero hindi po natin nirirekumenda iyong manggaling ngayon sa faucet na inumin.

SEC. ROQUE: Okay. Administrator Lapus and Usec. Fuentebella, si Director Ting of my office po will arrange a VSAT communication with Governor Cua, siguro po mamayang hapon, para makatulong sa assessment ninyo. We will, of course, tap the VSAT of OCD and we will try to link up the provincial governor with the LWUA and the Department of Energy.

Okay. Maraming salamat po. Mayroon pa rin po tayong mga statements na natanggap galing po sa Smart. Ang sabi po ng Smart, papunta po ang tao nila doon sa Catanduanes. Mayroon po

silang chopper na magdadala ng kanilang mga engineers at mayroon po silang dala-dalang mga satellite phones and equipment. Magkakaroon daw po sila ng libreng tawag, libreng charging para sa lahat matapos silang makarating ng Virac.

Inaayos daw nila ang third microwave link nila which when made operable can bring Catanduanes back on. Unfortunately, iyong two links nila were severely damaged by Rolly so, it will take time to repair. So naghahanap pa sila ng mga opsiyon para makonek ang buong cell sites sa kanilang network to make it go online.

Pagdating naman po sa Globe, well, ang sabi po nila is, "Our initial assessment in Catanduanes, unfortunately, indicated that antenna system connecting Catanduanes to Legazpi has been severely damaged. This is the main hurdle to restore mobile services in the area as antenna uplink of Catanduanes towards Legazpi is a major transmission facility. So our sites in Catanduanes were mostly affected due to power failure and multiple fiber cuts. So our restoration team will continue to find solution." So habang naghahanap po sila ng solusyon, mayroon naman po silang serbisyo doon sa ibang areas na nasalanta ng bagyo. So in areas where we are, magkakaroon daw po ng Globe Jeepney WiFi with libreng tawag, libreng charging and libreng WiFi 'no, to be deployed today. Mayroon na raw po sila sa Baao, Camarines Sur. At bukas naman daw po ay magdi-deploy sila sa Sta. Cruz and Poblacion, Marinduque.

At mamimigay din daw po sila ng disaster relief goods sa pamamagitan ng kanilang relief teams sa mga hardest-hit areas kagaya ng Tiwi, Malinao, Albay; Sagñay, Calabanga and Lagonoy sa Camarines Sur. Magpa-partner daw po sila with Rise Against Hunger and Ayala Foundation. So ibig sabihin, wala pa pong Globe service sa Catanduanes. At inaasahan naman sa Smart na kapag nakarating ang kanilang microwave ay baka bumalik po ang komunikasyon sa Smart sa Catanduanes.

Pumunta na po tayo sa ating open forum. Usec. Rocky?

USEC. IGNACIO: Yes. Good afternoon, Secretary Roque. Ang first question from Tuesday Niu of DZBB: Kung may update na po sa executive order on price cap para sa RT-PCR test?

SEC. ROQUE: Wala pa po. Pasensiya na po at talagang nakatutok po ang Presidente at ang buong pamahalaan dito sa bagyong dumaan.

USEC. IGNACIO: Opo. Second question mula po kay Darryl Esguerra ng Inquirer.net: Now that we are approaching the end of the year, any update po if tuloy pa rin ang initial plan to resume face-to-face classes in January 2021; if yes, how is the government preparing for this?

SEC. ROQUE: Well, patuloy naman po ang paghahanda diyan bagama't ang desisyon po ay talaga magiging desisyon pa rin ni Presidente 'no. Ang sinabi po ng DOH noong mga nakalipas na araw, our aim is lahat po ng areas sa buong Pilipinas maging MGCQ by the first quarter of next year. So titingnan po natin kung ano magiging developments at ang DepEd naman po patuloy ang paghahanda pero tingnan po natin kung ano actual kundisyon pagdating po ng prevalence ng coronavirus sa iba't ibang parte ng Pilipinas.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyong kaniyang second question, pareho po ng tanong ni Tuesday Niu. Salamat, Secretary

SEC. ROQUE: Salamat. Punta tayo kay Joyce Balancio, DZMM.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Sir, doon lang po sa pagkakapili ni Pangulong Duterte kay General Galvez as the Vaccine Czar, some are asking why did the President choose a former general and not a medical expert to deal with the COVID-19 vaccine purchase?

SEC. ROQUE: Simple lang po iyan, because the vaccine operation will entail logistics 'no. Kinakailangan po talaga may managerial skills at sanay sa ganitong management processes 'no.

Hindi po kasi mama-manufacture as of now ang bakuna sa Pilipinas so kinakailangan ang angkatin sa lugar kung saan ginagawa, dalhin dito via cold storage facilities by air pagkatapos dito po i-i-store din po iyan sa cold storage bago i-distribute sa iba't ibang lugar na ginagamit din ang refrigerated van. So it's more of a logistics challenge than a medical challenge.

Ang issue lang po, iyong medical issue ang involved dito kung safe po iyong vaccine at iyan naman po ay tututukan ng FDA dahil bagama't mayroon pong registration ang mga bakuna na makukuha sa kanilang home countries, kinakailangan pag-aralan pa rin po dito iyan sa Pilipinas ng ating FDA.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Ano po iyong magiging dynamics Secretary ng magiging trabaho ni Secretary Galvez knowing na mayroon na rin pong initial progress coming from DOST and DOH when it comes to COVID-19 procurement?

SEC. ROQUE: Sa mula't mula naman po ang ating Secretary Galvez ang Chief Implementer ng National Task Force so siyempre po malapit po ang kaniyang coordination sa Department of Health at sa iba't iba pang ahensiya na kinakailangan natin para mapakalat iyong vaccine 'pag nariiyan na po.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Sir, can I go to Secretary Galvez?

SEC. ROQUE: Yes, please.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Secretary Galvez, good afternoon. So papaano po—kaya pa rin po ba natin itong dagdag na assignment coming from the President? You mentioned earlier kinakabahan po kayo sa malaking responsibility and you have a lot on your plate already because you are the COVID-19 policy implementer of the Philippines and you also oversee some projects and programs of the government.

SEC. GALVEZ: Doon po sa sinasabi po natin sa Phase 3, ang pinaka-major activity po natin po doon iyong tinatawag nating homestretch ng availability nitong vaccine. So kami po ang gumagawa din ng plano po na iyon kaya nga po iyong pagpaplano ng roadmap including iyong our core group ay nakagawa po ng initial paper at ang ano po natin dito—kaya po sinasabi nga ni Spox kung titingnan natin ang directive ni Presidente – iyong procurement, iyong production,

shipment, storage, distribution and deployment, iyong experience po namin kasi dito as a system engineer at saka po iyong ating relationship with the Armed Forces at saka iyong ating PNP na nakita natin dito magkakaroon ng mga storage at saka distribution facilities, nakikita natin mas maganda po ang atin pong pamamalakad.

Pangalawa po, ang maganda po dito iyong magkakaroon tayo ng distribution of effort. Iyong tinatawag nating scientific evaluation and selection, talaga po iyan, gagawin po iyan ng mga tinatawag na vaccine expert panel at saka ng DOH. At kung titingnan po natin all throughout the stages, ang pinaka-primary response agency pa rin po natin ang DOH at atin pong alalahanin na as a Chief Implementer, ang boss ko pa rin po ay si DOH Secretary considering the DOH is the IATF Chairman at kung ano ang policy niya pertaining sa vaccine will be implemented by me. So iyon po ang ano po natin, collegial ang ano po natin dito… you have to remember na collegial ang ano natin dito…

Ang akin pong trabaho bilang designated Vaccine Czar, ito po iyong tinatawag na milestone gatekeeper or integrator or synchronizer ng lahat ng mga agencies. So—which is better na isang tao ang mag-synchronize kasi po kung ang taga-DOH o taga-DOST ang maggagawa po nito magkakaroon po ng tinatawag na—madi-dilute po iyong kanilang mga activity na napakaimportante po iyong scientific evaluation and selection at saka po iyong tinatawag nating implementation ng nationwide vaccination. So doon po ang focus talaga ng DOH, sa mismong implementation kasi napakahirap po ng implementation ng nationwide vaccination para at least magkaroon sila ng early planning para po magkaroon po—natapos na iyong logistic part, sila na mag-i-execution in part.

So ganoon po ang gagawin natin, parang ang gagawin natin, ang sinasabi nga ni Presidente is iyong ano—ang burden natin ang DOH sa mga trabahong administrative. Kami na po ang gagawa noon sa NTF.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Thank you, Secretary Galvez. Secretary Roque, just one more. Nakarating na po sa Manila si Philippine Ambassador to Brazil Marichu Mauro. Now as a presidential appointee, may balak po ba si Pangulong Duterte na ipatawag siya sa Malacañang and talk to her personally regarding the issue?

SEC. ROQUE: Wala po akong alam na ganiyang plano. Hinahayaan po ng Presidente sa DFA ang imbestigasyon at naniniwala naman po kami, magkakaroon nang patas at transparent na imbestigasyon ang DFA.

JOYCE BALANCIO/DZMM: Thank you Secretary Roque, Secretary Galvez.

SEC. ROQUE: Thank you, Joyce. Punta na tayo kay Usec. Rocky uli.

USEC. IGNACIO: Yes. Secretary from Jam Punzalan ng ABS-CBN: Some social media users have commented on President Duterte's temporary removal of his face mask during yesterday's visit in Guinobatan where residents were photographs standing close together to see him. Can the Palace please explain this?

SEC. ROQUE: Ay, hindi ko po alam kung iyan nga ay intentional o talagang natanggal lang ‘no. Pero ang importante po nakarating po doon sa Guinobatan, isa sa talaga namang sinalanta ng Bagyong Rolly ang ating Presidente at kung natanggal man iyong mask niya, siyempre po eh iyong danger niyon ay na kay Presidente. Pero hindi po niya natiis ang mga Bicolano, pinuntahan po niya at siyempre he exposed himself to the threat of COVID-19 pero gayunpaman siya po ay Presidente at nais niyang ipakita that government is there to assist them.

USEC. IGNACIO: Second question po niya: Some comments during the President’s visit speculated about his health. How is the President’s health?

SEC. ROQUE: He is as good as anyone of his age ‘no. Nakita ninyo naman iyan, siguro naman hindi siya makakapunta sa Guinobatan kung hindi mabuti po ang kalusugan ng ating Presidente.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Thank you po. Melo Acuña, please. Habang wala si Melo, si Triciah Terada please, CNN Philippines.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Hi! Good afternoon, Secretary. Sir, first question for you then I’ll go to Secretary Galvez. Sir, doon po sa nabanggit ng Pangulo na ‘cause recently NBI recommended charges for anti-graft and corrupt practices act against Customs Commissioner Guerrero. What did the President say about this recommendation by the NBI and despite this sir, what prompted the President to, kumbaga clear Commissioner Guerrero also after calling him out weeks ago?

SEC. ROQUE: Wala pong nabanggit ang Presidente tungkol sa rekomendasyon ng NBI ‘no at wala naman pong clearing na ginawa ang Presidente ‘no. Ang Presidente po ay abogado, he respects the rules of evidence. Kung mayroon pong kaso eh sasampahan po ng kaso at kung sapat naman ang ebidensiya beyond reasonable doubt eh maku-convict po sila at makukulong.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Thank you, Spox. Sir, may I go to Secretary Galvez?

SEC. ROQUE: Yes, please.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Hi! Good afternoon, Secretary Galvez.

SEC. GALVEZ: Good afternoon.

TRICIAH TERADA/CNN PHILIPPINES: Sir, the President is backing on his trust on you largely because of your military background. But some critics, iyon nga po nabanggit din kanina ni Joyce that the Vaccine Czar should have medical experience. Sir una iyong response ninyo dito and at the same time sir, paano ninyo po magagamit iyong military background ninyo as a Vaccine Czar vis-à-vis the President’s order to have soldiers and cops carry out the vaccines?

SEC. GALVEZ: Iyon po ang isang malaking training po sa amin sa military is iyong integrator at saka iyong being a catalyst ng ano… puwede naming i-integrate ang mga efforts ng agency at saka iyong tinatawag na—marami sa aming mga military mga logistics talaga ang ano namin, very ano po kami sa logistics at the same time we can—iyong deployment saka redeployment of forces at saka resources. Iyong pagiging military chief ko mas madali po iyon ng coordination sa PNP saka sa AFP. Nasabi na po ni Presidente na gagamitin po natin iyong ibang mga kampo at saka iyong ibang mga warehouses ng Armed Forces for the storage at saka iyong distribution ng ating mga vaccine.

Kung titingnan po ninyo iyong paggawa o pagkakaroon ng vaccine, ang modelo po niyan is iyong sa election. Kung titingnan po natin, kung magkakaroon po tayo ng election, lahat ng preparation po niyan, mga almost six months ang preparation. Lahat, pati mobilization ng different resources, at the same time ginagamit po natin iyong ibang mga avenues at saka modalities ng military at saka iyong tinatawag na coordination centers para ma-mobilize, una, iyong ating mga health workers, ma-mobilize ang ating mga people's organization at saka po ma-mobilize kasama po ang mga teachers at saka iyong mga ibang agencies na puwedeng tumutok at tumulong po dito.

So, iyon po. Ang nakita rin po natin, ang military, mayroon siyang logistics ng air, naval at saka mayroon po siyang land. Same so with the PNP and also with the uniformed service ng Coast Guard. So iyon po, iyong pagiging serviceman ko po ay malaki pong tulong ngayon kasi kayang-kaya po nating i-integrate ang lahat ng mga logistical requirements that we have. Ito pong vaccine pong ito, napakalaki po ng logistical challenges po nito especially po nagkaroon po tayo ng tinatawag na cold chain storage. At napakahirap po nito at ito po ang talagang napakalaking challenge po sa atin dahil kasi napaka-sensitive po ng vaccine kasi kaunting oras lang po, four hours po iyan mawawala na po iyong kaniyang sensitivity at saka iyong efficacy niya po.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, speaking of cold chain, mayroon na raw po bang update in terms of the talks of the government with private companies na willing po mag-set up ng cold storage facility and fill-in-finish facility for vaccines?

SEC. GALVEZ: Ang alam po natin, may facility po tayo na ginagamit sa mga vaccine. Basically, iyong Zuellig at saka iyong Unilab and other pharmaceuticals, sila po ang sumusuporta sa DOH sa pag-distribute ng ating mga cold chain, refrigerated vaccine. May mga experience na po sila dito at saka nakipag-usap na po kami na parang agreement and consortium with the private sector. So, those companies with cold chain capability, iyon po ang gagamitin po natin.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Sir, finally, alam ko you touched ito in this earlier, pero sino po exactly, sir, iyong bubuo ng mga team ninyo? Are you eyeing an independent team apart from your own na kumbaga team of advisers, you have vaccinologist, virologist or maybe experts on entrepreneurs, etc.?

SEC. GALVEZ: Mayroon na po tayong special task group on vaccine development headed by the DOST and DOH. Ang tawag po sa kanila ay vaccine expert panel. Existing na po iyan. And then also, we are trying to ask the help of UP-PGH-NIH kasi sa mga ties po natin, ang UP-PGH

po ang silang mag-aano po sa 14 sites trials po natin. And with that, we already talk to Dr. Gab Legazpi and also Dr. Lulu Bravo, iyong ating expert sa vaccine kung ano po ang magandang gawin po nating strategy. So, ito pong mga ano, sila Dr. Ed Salvania at iba pang mga expert ay nakausap na po natin, at saka sila Dr. Montoya ng DOST ay kinanausap po natin, pati sila Eric ng FDA, sir Eric Domingo ay naka-organize na po iyan. Ang tawag po natin dito is special task group on vaccine development at saka special task group on vaccine procurement. So, mayroon nang existing po iyan at i-enhance lang naman po natin.

SEC. ROQUE: Thank you, Trish. Siguro i-emphasize ko lang ano, ang papel po ng dalubhasa at doctor ay siguraduhin na ligtas at epektibo ang iyong bakuna. Pero para makarating ang bakuna kung saan man siya manggagaling papunta sa mga liblib na lugar ng Pilipinas, iyan po ay logistics.

USEC. IGNACIO: Secretary, from Virgil Lopez of GMA News Online: How much of the funds can we tap for response and relief efforts after the onslaught of Typhoon Rolly?

SEC. ROQUE: Kagaya ng sinabi po ni Secretary Avisado kahapon, mayroon po tayong 3.622 billion available na pondo sa NDRRMC. At iyong mga local na pamahalaan bagama't hindi po pupuwede na directly ma-replenish ng national government iyong kanilang naubos na calamity funds, pupuwede sila humingi ng augmentation doon sa mga national agencies na mayroon pong quick response funds, kagaya po ng OCD, DSWD, DOH at Department of Agriculture.

USEC. IGNACIO: Second question po: Can LGU of typhoon hit areas request the DBM for augmentation of their disaster and calamity funds which may have been depleted due to COVID-19 response and relief efforts?

SEC. ROQUE: Kakasagot ko lang po, hindi po directly manggagaling sa DBM ang replenishment; humingi po tayo ng replenishment doon sa mga line agencies na mayroong quick response funds. Uulitin ko po, ito po ang mga ahensiya na may quick response fund –ang OCD, DSWD, DOH at Department of Agriculture. At mayroon din po ang DPWH, ang DepEd, ang NEA. So hindi lang po pala apat, mayroon din ang DPWH, DepEd at NEA – NEA, meaning National Electrification Authority.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Magandang hapon, Secretary Harry. Nice to see you again. Naghihintay ang mga taga-Albay kung kailan po lalabas ang direktiba mula sa DENR para itigil ang quarry? Napanood po nila iyong kautusan at mensahe ni Secretary Roy Cimatu, naghihintay po sila ng papel. May idea po kaya tayo kung kailan lalabas iyong memorandum?

SEC. ROQUE: Eh siguro po naman iyong local DENR doon napanood naman ang naging talumpati ni Presidente at ni Secretary Cimatu, siguro naman maski walang papel, they can take initial action already na sa pagpapatigil ng mga quarrying operations na iyon muna, panandalian!

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Itanong ko na rin po, mayroon na po bang mga foreign governments na nag-alok ng tulong? At kung mayroon mang nag-alok ng tulong para sa bagyo, tatanggapin po ba ito ng Pilipinas?

SEC. ROQUE: Well, siyempre po. Ang alam ko po nagsalita na po ang UN system at ang EU na tutulong daw sila at handa naman po tayong tumanggap dahil talaga naman pong nangangailangan tayo ng tulong sa panahong ito.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Ngayon pong buwang ito idaraos ang APEC, ang Asia Pacific Economic Cooperation Summit, kahit virtually. Ano po ang magiging posisyon ng Pilipinas sa pagpupulong na ito?

SEC. ROQUE: Well, siguro po, bagama't economic matters ang pag-uusapan, talagang nakatutok pa rin po sa COVID iyan at kung paano makabangon sa COVID ang buong daigdig. Kaya importante po itong pagpupulong ng APEC.

USEC. IGNACIO: Okay, ang tanong po ni Rosalie Coz nasagot na ninyo, Secretary, about kay Philippine Ambassador to Brazil, Marichu Mauro.

Ang sunod pong tanong mula kay MJ Blancaflor of Daily Tribune: Napag-usapan na po ba ang SALN ng Pangulo, did he agree to disclose it?

SEC. ROQUE: Nakatutok po tayo ngayon sa bagyo. Hindi po namin napag-usapan iyan kagabi. Nakita naman po ninyo brinodkas live po iyong pagpupulong kahapon.

USEC. IGNACIO: On red tagging po: Amnesty International urged the Philippine government to end the practice of red tagging and to publicly instruct government officials to refrain from harassing and intimidating human rights defenders. How will the Palace respond to that?

SEC. ROQUE: Ang polisiya po ay nabanggit na ni Secretary Delfin Lorenzana: Kung walang ebidensiya, manahimik.

USEC. IGNACIO: Amnesty International also said that the phenomenon of red tagging has intensified under the last few years under the administration of President Duterte following the breakdown of peace talks between the government and the CPP in 2017. Last April, the President ruled out the possibility of resuming peace talks with CPP-NDF. Ito na rin po ba ang stand ng Pangulo, ito pa rin po ba?

SEC. ROQUE: Lilinawin ko, bagama't ang sinabi ni Secretary Lorenzana na polisiya natin talaga ay kung walang ebidensiya dapat manahimik at huwag mag-red tagging eh hindi naman po ibig sabihin noon na wala talagang mga organisasyon na talagang kasapi at kabahagi ng CPP-NPA. Ang CPP-NPA po, talagang mayroon silang revolutionary armed struggle, iyan po iyong NPA; at mayroon silang political, kasama sa political ay iyong mga tinawag nilang mga organisasyon (garbled) ng baril pero kabahagi pa rin po ng CPP-NPA at hindi po madi-deny iyan. Kaplastikan po ng CPP-NPA kung sasabihin nilang wala silang mga legal fronts na tinatawag. Pero ang sinasabi lang ni Secretary Lorenzana, iyong mga wala naman talagang kinalaman diyan na wala namang ebidensiya, kasama na iyong iilang mga personalidad, kung wala talagang ebidensiya ay tumihik na lang. In any case, iniimbestigahan po ngayon iyan ng Senado.

MARICEL HALILI/TV5: Hi, sir! Magandang hapon po. Sir, tungkol lang po doon sa Red Cross. Kasi nabanggit po ng Philippine Red Cross na aside doon sa natitirang utang ng PhilHealth, mayroon pa pong additional na 16 million since nag-operation na po sila ulit for swab testing. So, ano po iyong ginagawang hakbang ng government just to ensure that the debt of PhilHealth will not balloon again?

SEC. ROQUE: Unang-una, may pondo po ang PhilHealth para diyan. Pangalawa, nangako ang Presidente magbabayad ang Republika ng Pilipinas. Mayroon lang po talagang mga proseso na pinagdadaanan bago magbayad.

Kasama na po diyan iyong tinatawag na reconciliation at verification. Iyon lang po iyon. Matapos ang verification at reconciliation, magbabayad naman po ang gobyerno; sapat-sapat po ang pondo natin para diyan; guaranteed by the President no less.

MARICEL HALILI/TV5: Sir, do we have a timeline as to when can PhilHealth pay all the debts to the Philippine Red Cross?

SEC. ROQUE: Mahirap kasing magbigay ng timeline sa gobyerno ano, lalo na sa panahon na ganito na nasasalanta tayo ng mga bagyo gaya ni Rolly ‘no.

Needless to say, I will say it again, the President has said we will pay. So wala dapat alinlangan ang ating mga ka-partners sa Philippine Red Cross na mababayaran sila.

MARICEL HALILI/TV5: Sir, on the creation of the Department of Disaster Resilience, mayroon po kasing ilang mga senador iyong mga nagpahiwatig na hindi sila in favor doon sa creation ng department because they feel na nadudoble-doble since we already have OCD and NDRRMC. And sabi po ni Senator Drilon, it’s just knee-jerk reaction. So, ano po ang tingin ninyo dito; gaano po ba kahalaga iyong creation ng department?

SEC. ROQUE: Hindi naman po bago iyang proposal to create this department. Sa 17th Congress po, ako I have one version of the bill ‘no. So ang ibig sabihin po, talagang maraming mambabatas ang nag-a-agree na kinakailangan po iyang departamentong iyan. Kung hindi po ako nagkakamali, this was also identified as an administration bill ‘no ng ating Presidente Duterte.

Pero ganoon pa man, siyempre po legislation is the area of the Senate and the House, and we welcome any and all discussions dahil in the end naman po, sila ang magsasabatas niyang panukalang batas na iyan.

MARICEL HALILI/TV5: Sir, just one question for Usec. Fuentebella and Admin. Lapus.

SEC. ROQUE: Yes, please.

MARICEL HALILI/TV5: Opo. Usec and Admin, mayroon na po ba tayong estimate kung kailan natin maibabalik iyong kuryente and tubig doon sa mga hard-hit areas, particularly in

Catanduanes? Kasi nabanggit nga po na doon sa Catanduanes, nasa 80 to 90 percent iyong affected na electric facility; ganoon din iyong sa tubig. So gaano katagal bago po siya maibalik?

USEC. FUENTEBELLA: We are working on the details right now. Our people are assessing on the ground. So we are targeting, as I mentioned earlier, Southern Albay and Sorsogon, there's one strategy being developed; and also by today, the portion on Naga City because there was already a line available from Tayabas, Quezon to Naga, and Naga to an area in Concepcion.

So as for the details regarding the other areas like Albay Electric Cooperative, CASURECO III (Camarines Sur Electric Cooperative III), CASURECO IV and CASURECO I, and First Catanduanes Electric Cooperative, we are working on the details. But despite that, we are already assigning and briefing our Task Force Kapatid participants – these are linemen volunteers who will travel from Regions I, II and III to the affected areas, including Region VIII and Region VI. So that's what we are doing right now. So sabay-sabay siya. We have prepositioned materials both equipment and facilities also.

But as for the details on timelines, we need more data to cover that. And the briefings are ongoing, this morning and later. And we also need to—that's why I sought assistance from Spox Harry to contact also our people in Catanduanes.

SEC. ROQUE: Administrator?

ADMINISTRATOR LAPUS: Yes po. To date, 14,000 households out of the 40,000 in Catanduanes have access to water prior to the typhoon. Ngayon po, lahat ng mga water districts – anim po iyan – ay hindi po namin ma-contact. We have no communications so we do not know the extent of the damages. Unlike electricity po, ito is underground. So just to have more testing and—it will entail more time to repair or rehab an existing transmission line.

However, iyong mga walang diperensiya po, as soon as electricity is there, they could immediately serve those that are damaged.

MARICEL HALILI/TV5: Thank you, sirs. Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Okay. Kung nakikinig po o kung somehow makakarating kay Governor Cua, nalaman ko na po ang panawagan ninyo na kinakailangan ninyo ng TUPAD para po malinis ang mga nasirang mga daan nang sa ganoon ay makarating iyong mga relief goods na nanggagaling po sa Maynila sa mga nangangailangan 'no. So kinukontak na po natin ngayon si Kalihim Bello para sa request ninyong additional emergency TUPAD para sa Catanduanes, and we hope to have him on the line.

Yes, Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Question from Darryl Esguerra of Inquirer, para po daw kay Secretary Galvez: How is the government addressing iyon pong pagtaas ng COVID-19 cases sa Benguet, particularly in the mining town of Itogon?

SEC. GALVEZ: Iyon po ay nabigyan na po ng atensiyon ng ating mga governor at saka LGU. Sa ngayon po ang ginagawa po nila, ina-isolate na po nila iyong site at ni-lockdown nila iyong mining site. At the same time, nagkaroon din po sila ng tinatawag nating syndromic surveillance para mahanap pa po iyong mga affected na mga areas.

Sa ngayon po, tinutulungan din po ng ating mahal na mayor, Mayor Magalong, ang area ng Benguet; at ang Region II at saka ang Region I po ay kaniya rin pong tinutulungan. Sa ngayon po, nakikita po natin na medyo unti-unti po na nagno-normalize at nakita natin iyong spike dito ay doon sa dalawang mining sites dito sa Itogon at dito sa area ng Benguet.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, may tanong po si Aileen Taliping ng Abante. Marami po daw ang nagtatanong, iyong mga public utility van and FX, papayagan pa kaya silang magbiyahe ng IATF?

SEC. ROQUE: Ang alam ko po ay mas maraming utility van na pinayagan ngayon. Pero, Secretary Galvez, would you care to answer the question?

SEC. GALVEZ: Ang alam ko po, mayroon na pong more than 2,000 na po additional UAV sa express na pinatupad ang ating DOTr na ibukas at saka may mga linya na binukas din po para sa ating mga jeepneys.

Sa ngayon po ay talagang puspusan ang ginagawa ng ating DOTr. Nakausap po natin si Usec. Ochie Tuazon, na talaga pong gusto nilang ma-open po iyong mga ibang mga sektor ng transportasyon kasi ito po ang isa sa mga balakid na nakita natin sa opening ng ating economy ay ang kulang ng supply ng ating transportasyon.

At susunod na rin po, tinatapos lang po namin ang implementing guidelines, ang motorcycle at saka iyong tinatawag nating motorcycle taxi ay matatapos na rin po ang implementing guidelines.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Galvez.

SEC. ROQUE: Yes, next question please, Joseph Morong.

JOSEPH MORONG/GMA7: Hi, sir! Sir, ganito, sa'yo muna ano. Sir, pahingi kami ng update, I texted si Asec. Queenie ng topic kanina 'no, iyong sa Caramoan. Somebody that, you know, probably si Sir Nilo 'no from DFA, taga-roon siya and sabi niya - iyong Caramoan is just adjacent to Catanduanes - ganoon din ang situation. They are badly hit, wala ring kuryente and telecommunications, at saka some of the infrastructures there like iyong pantalan nila ay sira rin. Can we get an update on what's going on in Caramoan, from you or probably from other agencies—

SEC. ROQUE: Well, we are lucky to have DOE Usec. Fuentebella and LWUA Administrator Lapus. Sir, Caramoan daw po. Caramoan is actually the tourist spot of CamSur. Ito po iyong mga isla na pinupuntahan ng mga dayuhan. Ano daw po ang update kung mayroon tayo?

USEC. FUENTEBELLA: Ang CASURECO IV (Camarines Sur Electric Cooperative IV) is already sending people to Caramoan, not only Caramoan but also Presentacion.

There's a difficulty in traveling by land from Lagonoy to Presentacion to Caramoan and to Garchitorena. The Caramoan Peninsula composed of the three towns – Presentacion, Garchitorena and Caramoan is beside Catanduanes. So, if we analyze the path of the typhoon, pumasok iyan sa Lagonoy Gulf and nandiyan tumama sa boundary ng Sagñay at saka Tiwi, iyong mata ng bagyo.

So, we anticipate na kung ano iyong damage sa Catanduanes is more or less ganoon din ang nangyari sa Caramoan. That is why there is a need to send also people from Smart Communications to Caramoan and Presentacion or Garchitorena, so that we are able to establish immediately the communications there with the local government units.

But we were informed, because I have relatives and that was my former district when I was in Congress, so, we were informed that the local government units are on top of the situation. We were happy to know that, for example in Sagñay, there was zero casualty. So, these are things that we are receiving bit-by-bit but I think the strategic way is to establish the communication. So, if Smart and Globe can send their people already that would be a big help, a big boost to the restoration efforts.

SEC. ROQUE: Well, as we speak, Usec., nagmo-monitor po ang Smart and Globe kasi ayaw na nila tayong tumawag sa kanilang mga bossing. So, sila na po ang nag-u-update sa atin kung anong ginagawa nila. Nagpadala na po by helicopter, ng personnel ang Smart sa Catanduanes, they're trying to turn on a microwave that would bring back their connection to Catanduanes. So we're asking iyong mga taga-Smart po, tumuloy na rin po kayo sa Caramoan para malaman kung ano pong sitwasyon doon, kung pupuwede lang po. Maraming salamat po.

Mr. Lapus… yes, please.

ADMINISTRATOR LAPUS: Yes, sir. We're still awaiting reports, pakaunti-kaunti po iyong pumapasok na report sa atin and tungkol sa Caramoan, wala po akong nakikitang report pa ngayon. Maybe soon, this afternoon we could have a report.

SEC. ROQUE: Now, iyong mga ahensiya po na gustong makontak ang Catanduanes, siguro po the safest way is send your representative to the operation center of the NDRRMC because we have arranged a VSAT connection at 3 P.M. So, lahat po ng ahensiya ng gobyerno na nais makakuha ng impormasyon sa Catanduanes, 3 P.M. po, sa Operations Room ng NDRRMC. We have arranged for a VSAT link-up with Governor Cua and other officials in Catanduanes.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Going back to you, sir. Sir, kahapon si Presidente addressed iyong 'Nasaan Ang Pangulo,' can we have an elaboration on what he said? And he didn't like iyong ganoong question, but what is wrong with asking nasaan ang Pangulo in times like this?

SEC. ROQUE: Well, una po, ang important iyong preparasyon na ginawa po ng buong gobyerno ng Republika para dito sa bagyong ito. Our aim, still zero casualty but nakita naman po

natin bagama't napakalakas nitong bagyong ito ay nagbunga po iyong ating disaster preparedness and the President is very happy to note that everyone did their job to warn people, to evacuate, to prepare evacuation centers, to preposition supplies, to preposition equipment para ma-repair ang mga kalsada. So, iyan po ang importante - na pinaghandaan natin nang mabuti itong bagyo na ito.

Now, siguro nairita si Presidente. Ano bang gusto ng mga kritiko niya na lalabas siya sa kalye habang bumabagyo? That's pointless po dahil nagawa na po ni Presidente ang dapat gawin, hinanda na po ang lahat ng departamento at ahensiya ng gobyerno. I guess there's nothing wrong with that pero alam ninyo naman po, may malice na pagtanong iyan dahil iyan iyong mga kritiko na kahit anong gawin ni Presidente, hindi po, walang mabuting nakikita sa ginagawa ni Presidente. Bahala na po sila. Anyway, they comprised 5% of the population and we will convert them still, huwag po kayong mag-alala.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Sir, you mentioned that by first quarter of next year, we are aiming to be MGCQ. Does that mean, sir, na for the rest of the year GCQ? And going to Secretary Galvez, what would be the biggest challenge as vaccine czar, and have we secured commitment from any government na magbibigay sila ng vaccine once vaccines that they are developing are ready for distribution.

SEC. ROQUE: Well, let me answer you first, Joseph. Ni-rephrase ko lang naman at inulit ko iyong sinabi ni Usec. Vergeire na we're hoping that all parts of the Philippines will be under MGCQ, pero hindi naman ibig sabihin niyan na the current classification will remain until December. Kaya nga po iyong ni-release na classification ni Presidente is only good for November, na titingnan natin kung pupuwedeng ma-MGCQ pa iyong iba't-ibang lugar na nasa GCQ ngayon.

Secretary Galvez?

SEC. GALVEZ: Iyong greatest challenge sa pagiging vaccine czar is iyon pong sa logistics portion. Sa ngayon, nagkakaroon po tayo ng some sort of diplomatic engagement with the different countries. Sa ngayon po, ang direktiba po ng ating mahal na Presidente ay magkaroon po tayo ng bilateral engagement with China and also with Russia and now this coming few days baka magkaroon po tayo ng some diplomatic engagement with UK and also Singapore and also sa South Korea and Japan.

Considering that itong mga area na po ito based doon sa briefing ng World Bank at saka ng Asian Development Bank, ang mga distribution at saka manufacturing center will be in Singapore and also in Japan and also in India. So, kailangan magkaroon tayo ng talagang diplomatic arrangements so that we could have some sort of equitable access to the vaccine that may be produced.

Sa ngayon, mayroong sampu pong contender na vaccine po tayo; walo po nasa COVAX na po iyon. Ang gagawin po natin na strategy, we have the COVAX modalities and then we have the bilateral and then mayroon din po tayong tinatawag na multilateral na sinasabi ni SOF, na the ASEAN nation can pull in our bet to certain manufacturer at the same time we can engage with

the private sector so that the upper bracket of the psyche can be arranged through the availability of the vaccine through the private sector at a decent price. Ganoon po.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Sir, you mentioned doon sa plano ninyo, sir, na January to March iyong procurement period. Does that mean, sir, that we are confident that we will be able to have a vaccine first quarter of next year?

SEC. GALVEZ: Based doon sa report ng ating special task group on COVID-19 vaccine development, ang pinaka-earliest ng trial natin is maybe December, at the same time puwedeng maging available kung just in case maging positive iyong ano ng COVAX at the same time iyong development ng mga leading vaccine, the earliest is March and May. Iyon ang prediction nila. And we saw that iyong AstraZeneca, may one billion capacity na to produce this coming end of 2020.

So, iyon po ang tinitingnan po natin, that's why we are having an engagement also with the ambassador of UK, so that we can have some sort of concession or diplomatic arrangement on how we can access these early promising vaccines.

USEC. IGNACIO: Secretary, question from Gillian Cortez ng Business World for Secretary Galvez po: When are we procuring materials needed for the cold chain storage facilities? Will the government prioritize this sooner, since this might be a demand worldwide and prices for cold chain storage will rise?

SEC. GALVEZ: Marami po tayong arrangement na ginagawa sa mga pharmaceutical company. Iyon pong Zuellig has the cold chain facility already that had been used by the DOH during their vaccination. Noong nagkaroon po kami evaluation and assessment, there are pharmaceutical companies that have cold chain storage kasi ang tinitingnan po natin, may mga vaccine po na kailangan -20 or -80 na refrigeration at nakikita po natin iyong Zuellig has the capacity on that.

And maybe ang tinitingnan din po natin sa procurement na iyong mismong magdi-distribute natin they will carry iyong cold storage. Isa po iyon sa mga negotiation na ginagawa po natin. Dahil kasi po kung magpro-produce po tayo ng cold storage, tayo ang magpro-produce sa gobyerno, it will take time. So, there are existing companies that can provide the services. So, ang gagawin lang natin po ay [garbled] term of preference on how to access [garbled].

USEC. IGNACIO: Okay. Thank you, Secretary Galvez. Secretary Roque, last question na po ito from Vanz Fernandez ng Police Files: Kinundena po ni Senator Hontiveros ang pagpapatigil ng free dialysis ng PhilHealth. Bakit ngayong may pandemic nagdesisyon ang PhilHealth samantalang may atas si Pangulong Duterte na libreng dialysis 'til December? Ano po ang reaksiyon ng Palasyo?

SEC. ROQUE: Hindi ko po alam kung totoo iyan na pinatigil ng PhilHealth. Iyan po'y provided under the law, Universal Health Care Law, so aalamin po natin ang puno't dulo niyan.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary Roque.

SEC. ROQUE: Pia Rañada, please.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Sir, for you first. Can we just get an update if the President has already—or he has a list of possible candidates to be PNP Chief because General Cascolan is retiring next week, November 10? How far long is he in the decision-making process for who will replace General Cascolan?

SEC. ROQUE: I'm sure he has a shortlist already but the final choice is up to the President when he will issue it.

PIA RAÑADA/RAPPLER: All right. Sir, may I ask the question to Secretary Galvez?

SEC. ROQUE: Yes, please. Secretary Galvez…

PIA RAÑADA/RAPPLER: Sec. Galvez, how will you implement the directive of the President that only soldiers can distribute the COVID-19 vaccine and dapat po hindi daw involved ang barangay captains when I saw in your roadmap that the LGUs will really have to be involved in the distribution? So, sir, paano iyong workflow noon? How will you separate the politicization concerns of the President, barangay captains daw might come in and politicize the vaccines given that you're vaccine czar?

SEC. GALVEZ: Ang nakikita ko iyong sinabi ni Presidente na greatly involved ang ating Armed Forces at saka PNP kasi talaga po iyong sa logistical portion, meaning, iyong sa warehousing, distribution at saka iyong tinatawag na storage ay may facility po ang ating mga military in terms of iyong bulk. Kasi kung bulk natin, if we will be buying by the millions, 20 million, 40 million na vaccine malaking pong area po ang kailangan nito and then malaking manpower din po ang kailangan nito.

So ang mangyayari po is—I believe we will tell to the President iyong during the implementation of the vaccination, it is really a whole-of-government approach, whole agency approach wherein the DOH will be the lead but the support and the distribution will be fully supported by the AFP and the PNP.

Meaning ito pong talagang ano po natin ito, katulad ng ginagawa po na nagkaroon po tayo ng vaccine sa La Union - nandoon po ako - talagang we cannot do without the LGU kasi sila po talaga ang ano eh—unang-una, sila ang gumagawa ng strategic communication to convince all the people to be vaccinated at the same time sila po ang gagawa po ng personal information sheet at saka iyong logistic information sheet para po maging kumpleto po ang mga information po natin. Napakalaking challenge po iyon, iyong dalawang challenge po na iyon – strategic communication at the same time iyong tinatawag nating logistics information system.

PIA RAÑADA/RAPPLER: So, sir, would you say that the directive of the President, medyo mahirap po siya gawin like exactly kasi sinasabi ninyo kaila—involvement ng LGUs will be just in communications or how about, sir, iyong … iyon nga po, iyong making the list of the families who will receive the aid, etc. Ano exactly iyong involvement nila?

SEC. GALVEZ: Nakita natin ang LGU po ang napakalaki ng role po niya dito sa ating pandemic. Kahit na ang ating mahal na Presidente, ang alam niya talaga na ang LGU are the one leading our people to the front at ang LGU po ang nakakaalam kung sinu-sino dapat ang priority. Kasi ang ano po natin sa vaccine, mayroon po tayong prioritization. Unang-una, ang priority po natin talaga ay iyong mga health workers, iyong mga vulnerable, iyong mga poor people at saka mga indigents. So ang LGU po ang nakakaalam po lahat nito, ng information na ito.

So iyong profiling at saka iyong segmentation ng ating society kung sino ang priority ay gagawin po iyan ng LGU together with the DOH personality and also puwede pong tumulong po dito ang ating mga teachers, puwede pong tumulong dito ang ating mga pulis at saka mga Armed Forces katulad ng ginagawa nilang profiling sa mga voters. Ganoon po ang gagawin po natin, iyong model natin kung paano po tayo magkaroon ng national election, ganoon din po ang gagawin natin wherein the LGU has important part in the preparation, the profiling and also the information system that we will be having.

PIA RAÑADA/RAPPLER: So, sir, paano po ma-implement iyong order ni President? Kasi I think his concern nga was the politicization of these lists which is similar to elections na iyong barangay captains daw parang nagsi-select sila ng kung sinu-sino iyong makakakuha ng aid. So iyon, how will you implement this particular concern—address this concern of the President?

SEC. GALVEZ: Ang nakita ko pagka once na nagsama-sama iyong Armed Forces, iyong PNP at saka iyong LGU para sa peace and order council at saka sa Regional Development Council ay nakikita po natin na walang bias po iyon kasi ang ano natin is magiging ano—ang magiging organization natin doon sa vaccine na implementation is inter-agency po ito, inter-agency po ito. And majority ng mga information na kailangan natin at saka sa implementation will be coming from the health sector at saka sa LGU po.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Okay. Last sir, last question sir. Sir, iyong procurement process for Zuellig, iyong sinasabi ninyong cold storage, is this—may bidding pa po ba ito or is this activity—what is the procurement model for the cold storage?

SEC. GALVEZ: Ang gagawin po natin ngayong susunod na araw, bukas, kakausapin po natin iyong tinatawag business consortium. Kasi po sa business consortium na pharmaceuticals, mayroon po silang mga tinatawag na very robust and very effective logistics supply chain including the cold chain. So ang ano natin dito is we will involve the private sector so that they can help the government in really investing iyong sa cold chain environment.

Kasi ang nakikita natin dito iyong mga pharmaceutical companies, alam po nila ang sensitivity ng mga vaccines and they have been involved through the DOH program, iyong sa vaccine distribution and also sa vaccine storage.

So ang gagawin po natin is lahat po ng mga pharmaceuticals including Zuellig, Unilab and other major pharmaceuticals and stakeholders dito sa ating medical sector ay kakausapin po natin para at least magkaroon po tayo ng tinatawag na—[cut]

So iyon po ang ano po natin, na pag-iisahin po natin iyong tinatawag nating—there will be a unity of effort with the private sector so that the government will not spend anymore on the production of the cold storage.

Kasi may available naman po sa market at the same time ang gagawin lang po natin dito magkakaroon po tayo ng tinatawag na terms of preference or memorandum of agreement or a certain amount na talagang bibigyan natin iyong services ng supply chain rather than construct many warehouses and storage na it will create a lot of ano—tinatawag nating excess sa ating mga resources. So we will deal on this, hindi pa naman tayo final sa ano natin...

PIA RAÑADA/RAPPLER: All right. Salamat po.

SEC. ROQUE: Okay. As we speak po, we have connected with Secretary Bello para sa request ni Governor Cua of Catanduanes for TUPAD at ito po siya – Secretary, we're live po. Sec. Bello 'no, my BFF. Oo, nakarating po sa amin ang balita na nagri-request si Governor Cua ng Catanduanes ng TUPAD dahil kinakailangan daw po linisin iyong mga kalye ng Catanduanes para makapasok ang relief goods. Ang problema po walang kuryente, walang anything so kinakailangan cash po ang ipadala. Ano pong mensahe natin kay Governor Cua?

DOLE SEC. BELLO: Sabihin mo kay Governor Cua, Sec. Harry, na I will send amount to hire at least 5,000 people to clean the streets and the debris of Typhoon Rolly. Naka-download na iyong pera kamo, Sec. Harry.

SEC. ROQUE: Okay. Maraming salamat po. So Governor Cua, if you are able to somehow hear this message, magpapadala po in cash ang DOLE ng enough pondo for 5,000 workers po para ma-clear up ang roads. Maraming salamat, Sec. Bello.

DOLE SEC. BELLO: Okay, Sec.

SEC. ROQUE: Okay. So Governor Cua—mamaya, Director Ting, please tell Governor Cua also that they will physically send cash. Somehow siguro sa susunod na C-130 good for 5,000 workers under the TUPAD program.

Yes, Usec. Rocky

USEC. IGNACIO: Opo. Question from Maki Pulido of GMA-7: Does the government still have enough funds for calamity response? Some LGUs have used up their calamity funds because of their COVID response and are now seeking help of national government. Will government step in and help?

SEC. ROQUE: Nasagot ko na po iyan. Mayroon po tayong 3 billion plus pondo sa NDRRMC bagama't hindi po diretsong mari-replenish ng national government ang calamity fund ng local governments, pupuwede po silang mag-request ng augmentation sa mga ahensiya na mayroong Quick Reaction Fund gaya ng OCD, DSWD, DOH, DA, DPWH, DepEd, NEA. So puwede po nilang lapitan iyong mga regional offices ng mga ahensiyang ito and to request for replenishment of their calamity fund.

Okay, wala na po tayong mga katanungan. As usual po maraming salamat po mga kababayan for joining us in today's presidential press briefing. Nagpapasalamat din po kami doon sa mga taga-Radyo ng Bayan, PTV-4, PIA, ang lahat po ng mga mamahayag sa Channel 5, sa Channel 7, sa ABS-CBN online, sa lahat po ng mga radio stations, CNN dahil sama-sama po tayong nag-cover ng Bagyong Rolly at dahil po sa lahat ng ating mga ginawa eh nakarating naman po iyong mga importanteng balita sa ating mga kababayan.

So sa ngalan po ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte, maraming salamat din po sa mga men and women of the Malacañang Press Corps. Salamat po sa ating panauhin – si Secretary Galvez, Usec. Fuentebella and Administrator Lapus at maraming salamat po sa inyong lahat. Pilipinas, let's keep safe. Magandang hapon po. Ito po ang inyong Spox Harry Roque, hanggang sa Thursday po. Magandang hapon po sa inyong lahat.

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)